

1. Tungkol sa Pagpapadala ng Notipikasyon sa Bayarin ng Buwis Ordinaryong Sasakyan at Light Motor Vehicles

Sa ika-6 ng Mayo ay ipapadala ang notipikasyon ukol sa bayarin ng ordinaryong sasakyan mula sa Provincial Tax Office ng Tochigi Ken. At sa ika-7 naman ng Mayo ay ang bayarin sa buwis para sa mga light motor vehicles mula sa munisipiyo ng lungsod.

Kapag dumating ang notopikasyon na bayarin ng buwis mula provincial o city tax office ay kailangan tingnan ito dahil nakalakup ang payment slips sa loob ng sobre.

Dalhin ang payment slips na ito sa mga convenience stores, banko o sa post office at dapat mabayaran hanggang sa ika-31 ng Mayo. Bukod sa cash, maari rin itong bayaran gamit ang Paypay. Sa gagamiting sertipikasyon ng binayaran para sa pagproseso ng Vehicle Inspection o “shaken” ay dapat hingin ito sa Tochigi Ken Tax Office o sa City Tax Office Section. Subalit ang pag-isyu ng sertipikasyon ng pagbayad ng vehicle tax ay aabutin ng halos 2 linggo pagkabayad nito kung kaya ang mga agarang magproproseso ng kanilang “shaken” ay iminumungkahi na magbayad na lamang sa mga convenience stores, sa banko o sa munisipiyo.

Sa pag-renew ng visa ay mahalaga ang sertipikasyon ng binayaran sa buwis kaya kailangan mabayaran ito bago ang deadline.

2. Tungkol naman sa Pagpapadala ng Notipikasyon sa Bayarin ng Property Tax at City Planning Tax.

Sa mga nagmamay-ari ng lupa o bahay mula pa sa umpisa ng taon sa lungsod ay kailangang magbayad ng property tax o city planning tax. Ang pamahalaang lungsod ay magpapadala ng notipikasyon sa bayarin ng buwis ukol dito mula ika-7 ng Mayo. Kapag natanggap nito ay kailangang tingnan ang laman ng sobre dahil nakalakip ang payment slip para dito.

Mayroong 4 na payment slips, ito ay ang Full Payment at unang downpayment, ang pangalawa, pangatlo at pang-apat na downpayment slips. Maari itong bayaran ng minsanan o apat na beses na installments. Dalhin lamang ang payment slips na ito at maaring bayaran sa mga convenience stores, banko o post office hanggang sa itinakdang deadline. Ang magbabayad ng minsanan lamang o ng unang downpayment ay sa ika-31 ng Mayo ang deadline ng payment. Para sa mga hindi makabayad ng buwis ay dapat kumunsulta sa city tax office section ng lungsod.

3. Tungkol sa Pagpapabakuna Laban sa Covid19.

Sa Tochigi City, bagama't ang mga mamamayan nito na may edad 16 taon gulang pataas ay magkakaroon na vaccination, bibigyang prayoridad ang mga may edad 65 taong gulang pataas ng schedule sa pagpapabakuna. Pagkatapos nila ay ang mga may edad na 60 hanggang 64 taong gulang naman at ang pinakahuli ay ang mga natitira pang age bracket. Iyan ang pagkakasunod-sunod ng schedule na gagawin.

Ang pagpapabakuna ay kailangan ng resevation. Ito ay gagawin sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa internet. Kung kailan mag-uumpisa ito ay kasalukuyan pang isinasa-ayos. Ipagbibigay alam kung kailan ang umpisa ng pagpapareserve ng vaccination. Ang pagpapabakuna ay walang bayad. Pagkatapos maibigay ang unag bakuna na gawa ng Pfizer ay susundan uli ito ng pangalawang beses na may palugit na 3 linggo. Kaya ang vaccination ay may kabuoang 2 dalawang beses.

Ang mga lugar na itinalaga para sa vaccinations para sa mga grupo o samahan na magpapabakuna ay ang Tochigi Hoken Fukushi Center o Tochigi Health and Welfare Center, ang Ohira Yuuyuu Plaza, Fujioka Hoken Fukushi Center o Fujioka Health and Welfare Center, Yuttari-na at ang City Gym Spa Yurakan. Ito ay limang lugar.

Para naman sa mga indibidwal na magpapabakuna ay maaring kumuha ng reservation sa mga nakikipagtulungang mga pagamutan sa lungsod. Ngunit ang Tochigi Medical Center

(dating Shimotsuga) at TochinoKi Hospital ay may call center ang lungsod para sa reservations at ito ay tatanggap lamang para sa mga may edad 65 gulang pataas.

4. Pag-iwas sa Pagkakahawa sa Covid19

Ang “variants” ng Covid19 ay lubhang nakakahawa at mabilis itong lumalaganap.

Kaya dapat iwasan ang pagpunta sa mga lugar na kung saan mataas ang bilang ng mga may impeksyon kung ito ay hindi agaran o kinakailangan.

Palagiang pagsuot ng facemask at pagpapanatili ng bentilasyon ng silid ang pangunahing tuntunin pa rin. Ganundin sa pag-iwas sa 3C’s (ang Closed space na mahina ang bentilasyon, Crowded spaces o siksikan na lugar at ang Close-ranged conversation). Paghuhugas ng kamay at iba pa ang nararapat pa ring gawin upang maka-iwas sa pagkahawa. Dapat palaging tandaan ang “limang eksena” na kung saan mataas ang panganib ng pagkakahawa ng impeksyon. Ito ay ang mga sumusunod :

1. Mga pagtitipon na may kasamang inuman.
2. Kumakain at nag-iinuman na maraming tao ng mahabang oras.
3. Nag-uusap na walang suot na facemask.
4. Pagtira na may mga kasama sa isang masikip na espasyo.
5. Paglipat-lipat ng lugar.

Bilang partikular dapat iwasan ang pagkain na marami ang kasama.

Hinihiling ang kooperasyon ng lahat.